



SFPL To Go

LIMITED LIBRARY SERVICE

PABULOSONG
MAKITA NAMIN KAYO!



Minamahal Naming Mga Patron:

Ang mga materyales ng aklatan ay malapit nang maibalik, kasabay ng paglulunsad ng SFPL To Go, ang ating walang paglapat na pagkuha ng mga bagay na hiram at serbisyo sa harap ng pintuan ng aklatan. Labis kaming nananabik sa inyong pagbabalik kaya mas pinaghusay namin ang aming gawain upang mabuo ang bagong serbisyong ito na sumusunod sa alituntunin ng ating pampublikong kalusugan, sa mga gawaing pag-iingat, at sa pagbibigay-proteksiyon sa aming mga kawaning nasa frontline.

Ang SFPL To Go ay ilulunsad sa Lunes, ika-10 ng Agosto, sa Pangunahing Aklatan (Main Library), at sa Martes, ika-11 ng Agosto, sa Sangay Excelsior (Excelsior Branch). Magdaragdag kami ng mga serbisyo sa mga susunod na linggo para sa buong Lungsod kapag pinayagan na ang pagdaragdag ng aming mga kawani. Maaaring tignan ang inyong mga inbox o mailbox at ang aming website para malaman ang mga petsa ng aming muling pagbubukas. At OO, ang mga bookdrops ay magbubukas sa oras na ang lahat ng lokasyon ng SFPL To Go ay umaandar na!

Sa paunang yugtong ito, ang mga patron ng Aklatan ay maaaring humiling ng aklat, DVD, audiobook, LP, o anumang mga bagay na nasa sirkulasyon gamit ang serbisyo sa harap ng pintuan, sa sfpl.org, at magreserba gamit ang inyong kuwenta ng aklatan; sa pamamagitan ng pag-eemail sa info@sfpl.org o sa pagtawag sa 415-557-4400.

Batid naming maraming nangyari sa nakaraang apat na buwan at posibleng hindi na ninyo kailangan ang mga bagay na inyong hiniling. Kung ganyan ang inyong katayuan ay tatanawin naming malaking utang na loob ang pagkakansela ng inyong mga hiniling na bagay bago ang ika-7 ng Agosto. Para sa mga bagay na nasa holds shelf, magpadala ng email sa info@sfpl.org o tumawag sa 415-557-4400 para sa pagkakansela. Para sa mga bagay na nailagay na sa listahan, gamitin lamang ang inyong kuwenta sa aklatan at doon magkansela. Matapos nito ay mas mapagtutuunang pansin namin ang mga bagay na inyong kailangan!

Ang mga materyales na inyong hiram bago magsara ang aklatan ay hindi mapapaso hanggang ika-30 ng Setyembre, kaya kung hindi naman abala sa inyo ay itago muna nang panandalian para hindi masyadong mahirapan ang aming mga kawani sa mga isasauling bagay. Dahil ang SFPL ay Pabulosong Walang Multa (Fabulously Fine Free), hindi ka mapapatawan ng alinmang multa. Gayundin, lahat ng mga ibinalik na materyales ng aklatan ay ihihiwalay ng 72 oras at sasalansanin lamang matapos ang panahon ng kwarantena, kaya asahan ang bahagyang pagkaantala bago ninyo ito makita sa inyong kuwenta.

Hinihiling namin ang inyong pang-unawa sa oras na ito. Nais ng SFPL na magbukas ng maraming sangay na aklatan para sa serbisyong walang paglapat, subalit ito ay nakadepende sa sitwasyon ng COVID-19 sa bawat komunidad at sa kapasidad ng aming mga kawani. Asahan ninyo na patuloy naming susuriin ang aming mga operasyon at bubuo kami ng mga pamamaraan ng kaligtasan para sa susunod na yugto ng aming serbisyo na magpapahintulot sa inyong muling pagpasok sa aming mga gusali.

Salamat sa lahat ng inyong mga mensahe ng paghihikayat at pag-asa habang kami ay nakasara. Pabulosong muli namin kayong makita at mapagsilbihan!

Michael Lambert

Michael Lambert
Librarian ng Lungsod



San Francisco Public Library